buhay. May ilang taon ding hindi nakasama ni Lola Dada sina Edna at ang mga kapatid nito dahil sa paghahanap nito ng mas maginhawang buhay sa Maynila.

Napakinggan ko rin kung anong klaseng pamumuhay mayroon sila noon. Tunay na malayo ang buhay nila noon sa buhay nila ngayon. Dahil sa pagsisikap nila, nagkaroon sila ng maayos na buhay sa kasalukuyan at ito ang isa sa dahilan kung bakit ako may sapat na oras upang makapagbasa at makapagsulat. Sa mga kuwentong napakinggan ko, mas natutunan kong pahalagahan ang mga bagay na tinatamasa ko ngayon.

Sa mga kuwento ni Lola, napag-alaman ko na maaaring maging gabay ang mga aral sa buhay nila noon. May mabubuting bagay na kailangang uliting gawin. May mga pagkakamali na hindi na dapat gawing muli. Sa mga kuwentong iyon, nakakuha ako ng paalala at babala.

Ang pakikinig ay isang pakikipagsapalaran. Isa itong paglalakbay sa isang panibagong mundo kung saan maaaring makakilala ng iba't ibang tao, o matuto ng iba pang kasanayan.

Ang mga kuwentong dala ni Lola na aking napakinggan ay ang magiging lunsaran ko sa isusulat kong nobela. Sapagkat sa pakikinig ng bawat karanasan, isang panibagong kuwento ang nabubuo. Sa pakikinig, nagkakaroon ng bagong pananaw at paniniwala tungkol sa mundo.

Naging mahalaga ang kuwentong-bayan sa buhay ni Lola Zenaida at sa aking pagkabata. Dala-dala niya sa mga kuwentong ito ang kaniyang alaala bilang isang ina, isang kapatid, at isang anak. Gayundin, ang mga kuwentong ito ay isinalaysay niya sa mga anak ng kaniyang iba pang anak.

Hindi ako magsasawang makinig sa mga kuwentong inihahanda niya sa aming hapag-kainan.

## B. Mga Bago at Modernong Tinig na Kinalakihan

**Katekesis, Telenobela, Teknolohiya, at iba pa.**

Natatandaan ko, tuwing buwan ng Mayo, isang buwan kaming dadalo ng katekesis sa simbahan. Ang katekesis na ito ay bukas sa mga batang may edad na lima hanggang labindalawang taong gulang. Noong una, pinilit lang akong dumalo rito ni Lola dahil nga bakasyon noon at wala naman kaming pasok sa paaralan.

Tuwing alas-dos ng hapon ang katekesis. Dito, kasama ko ang kapatid ko sa dalawang oras na pag-aaral at pakikinig ng mga kuwento na mula sa Bibliya.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 5 11/20/2024 8:05:46 AM

Araw-araw, sa loob ng isang buwan, makikinig kami sa kuwento ng mga katekista tungkol sa pinagmulan ng mundo—kung paanong nagsimula ang lahat. Naisalaysay rin sa akin noon kung sino sina Adan at Eba. Napakinggan ko rin ang kuwento kung paanong ginawa ni Noa ang kaniyang napakalaking arko. Hindi ko rin makalilimutan ang kuwento tungkol kina Haring Solomon, David, at iba pang propeta sa Bibliya.

May iba't ibang paraan ang aming mga katekista noon sa pagkukuwento. Madalas, binabasa nila ito nang malakas sa amin. Kapag may sapat na pera pampa-Xerox, may mga larawan rin silang ipinapakita. Ang pinakamahalagang bahagi sa aming katekesis ay ang kanta bago at pagkatapos ng kanilang pagkukuwento.

Sa pagdalo ko ng katekesis taon-taon, hindi na bago sa akin ang kuwento ng mga kilalang tao mula sa Bibliya. Nabasa ko na rin noong bata ako halos lahat ng aklat sa Bibliya bukod sa Revelations. Sa palagay ko, hinubog rin ako ng simbahang katoliko bilang isang manunulat.

Paglipas ng ilang taon, namulat ako sa iba't ibang anyo ng teknolohiya. Isa sa mga pumukaw ng aking interes ay ang panonood ng palabas sa telebisyon. Nakahiligan kong manood ng mga telenobela na gawa sa Mexico. Kasama ko pa ang mga kababata at pinsan ko para manood nito. Umuuwi kami nang maaga mula sa paaralan upang mapanood ang Marimar[1] (2007). Lagi namin itong ginagawa nang sabay-sabay. Kailangang kumpleto na ang lahat bago kami manood nito.

Nag-uusap kami ng mga pinsan ko kung ano ang paborito naming episodyo sa Doraemon[2] (1999) at ipaliliwanag rin namin kung bakit iyon ang paborito naming palabas. Sabay-sabay rin kaming manonood ng isang pelikula sa bahay ng isang pinsan, halimbawa, Home Alone[3] (1990), at gagayahin ang ilang nangyari sa palabas. Minsan, may group discussion pa kami tungkol sa mga pinanood naming palabas. Ano ang natutunan namin? Ano kayang mangyayari kung papalitan ang katapusan ng kuwento? Sabay-sabay kaming magmimeryenda pagkatapos.

Nariyan rin ang mga karanasan na kung saan, bibihisan namin ang mga paper doll, gagamitin ito bilang isang puppet na tila may buhay. Kunwari, mga tunay na tao ang mga paper dolls at nag-uusap-usap ang mga ito. Kami namang magpipinsan ang gagawa ng kuwento para sa mga papel na tauhan.

Natapos ang masasayang paglalaro at kuwentuhang ito nang nagkaroon na ng Gameboy Advance[4] (2001) ang mga pinsan ko. Hindi na rin namin madalas makausap dahil may iba na silang gustong gawin.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 6 11/20/2024 8:05:46 AM

Nawalan na ako ng oras magbabad sa telebisyon dahil naging honor student ako. Ibig sabihin, kahit hindi sabihin ng Lola Da ko, kailangan kong mas mag-aral bago ang mga araw ng pagsusulit. Mas gusto ko na ring gumawa ng ibang bagay gaya ng pagguhit.

Dahil sa panood sa telebisyon at paglalaro ng Gameboy, nawalan na ako ng oras makinig sa mga kuwento ni Lola. Lumipas nang tuluyan ang mga panahong may oras pa akong makinig sa kaniya. Mabilis naming tinatapos ang pagkain ng almusal, tanghalian, at hapunan. Sa labas na kami nagmimeryenda dahil mas masayang kumain kasama ang kaibigan.

Subalit, natigil man ang mga kuwento ni Lola, kinahiligan ko namang magbasa ng mga story books gaya ng *Cinderella*, *Sleeping Beauty*, at *Snow White and the Seven Dwarfs*. Tuwing tinatanong ako ng tiyahin kong nasa Canada kung ano ang gusto kong padala, libro ang lagi kong sagot. Naaaliw akong magbasa ng mga ganitong kuwento. Tanda ko pang bilang lang sa daliri ang mga aklat na meron ako noon. Paulit-ulit ko lang itong binabasa. Pakiramdam ko, laging may bago kahit ilang beses ko na itong nabasa.

Noong high school, nagbabasa na lamang ako dahil kailangan sa paaralan. Naalala ko nga kung paanong tinanong ko ang English teacher namin kung bakit kailangan pa naming bumasa ng sampung pahinang kuwento tungkol sa Greek mythology, samantalang patay naman na ang mga tauhan roon o hindi naman talaga totoo. Nagrereklamo ako kapag masyadong mahaba ang babasahin. Naiinip ako. Pero, natatawa akong kahit nagrereklamo ako, natatapos ko pa rin namang basahin lahat. Natatapos ko namang ipasa ang lahat ng book review na ipinapagawa sa amin.

Noong kolehiyo naman ako, kailangan ko namang gumising nang maaga dahil napakalayo ng Sta. Mesa, Manila sa bahay namin. Mas madalas, hindi na rin kami nakakakain nang maayos dahil sa pagmamadali. Noong 2010, isa't kalahating oras lang ang biyahe papuntang Sta. Mesa mula sa Taytay, Rizal. Kailangan kong umalis nang maaga. Kailangan ko rin laging magmadali kundi baka mahuli ako sa klase. Naging limitado na lang ang oras ko, hindi gaya ng dati.

Lumipas na rin ang panahon na nakakapakinig kami ng kuwento mula kay Lola. Marami na akong kailangang harapin bukod sa pakikinig sa mga kuwento niya. Lumipas na ang kuwentuhan naming magkakaibigan. Lumipas na rin ang panahon na may oras pa akong magbasa ng iisang akda nang paulit-ulit.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 7 11/20/2024 8:05:46 AM

Sa puso ko, lumipas man ang panahon, hindi mababago ang pagmamahal ko sa pagkatuto.

Totoo ngang hindi na mauulit lahat ng pangyayari. Hindi na ito muling eksaktong mangyayari. Kaya mahalagang bago lumipas ang isang pangyayari, mahalagang may matutunan mula rito. Lahat ng karanasan ay lilipas din. Ang tanong, alin sa mga ito ang aalalahanin habang-buhay?

**Young Adult (YA) Era**

Mula sa pakikinig ng kuwento ni Lola, pakikinig ng mga kuwento sa Bibliya, panonood ng mga teleserye, at pagbabasa dahil kailangan sa paaralan, nagkaroon din ako ng yugto sa buhay kung saan nagbabasa ako ng akda dahil pakiramdam ko, nakapasok na ako sa mundo nito.

Tuwing pumapasok ako noong kolehiyo, dala ko ang mabigat na bag, at iba't ibang gawain para sa kolehiyo. Dahil Ingles ang major ko, hindi ko maiiwasan ang pagbabasa. Ang pagiging guro rin ay panghabang-buhay na pag-aaral. Kaya kahit sa limitadong oras, kailangan kong mag-aral at magbasa.

Sa katunayan, may subject kami na kailangan naming magbasa. Sa subject na Developmental Reading, pinagbasa kami ng iba't ibang akdang lokal at mula sa ibang bansa.

Hindi ako mahilig magbasa ng makakapal na aklat. Iniisip ko pa lang kung ilang pahina ang babasahin ko, napapagod na ako. Subalit, wala akong magagawa dahil bahagi ito ng pag-aaral. Kailangan naming basahin ang aklat na *Percy Jackson and the Olympians Series* na isinulat ni Rick Riordan. Photocopy nga lang ang kopya ko nito dahil wala pa akong sapat na kakayahang bumili ng aktwal na libro. Simula noong mabasa ko ito, nahilig na akong magbasa ng mga YA (Young Adult) na libro.

Gamit ang ipon ko, bumili pa ako ng ilang secondhand book online at sa Recto. Naghanap pa ako ng ibang nobela na tungkol sa paglalakbay ng isang kabataan sa isang bagong mundo. Naghanap pa ako ng nobelang naglalarawan sa mga karanasang katulad ng sa akin bilang isang teenager at isang estudyante. Naghanap pa ako ng babasahin na relatable.

Isa sa mga kuwentong inupuan ko talagang basahin ay ang *Statistical Probability of Love at First Sight* ni Jennifer E. Smith (2012). Secondhand lang ang kopyang nabili ko. Simple lang ang kuwento. Kailangang dumalo ni Hadley sa kasal ng kaniyang ama sa bago nitong asawa. Kaya lang, nahuli siya ng dating para sa flight niya nang apat na minuto. Sa sumunod na biyahe, dito niya nakilala ang isang lalaking nagngangalang



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 8 11/20/2024 8:05:46 AM

Oliver. Nag-usap lang sila sa loob ng pitong oras. At sa pitong oras na ito ay napakarami nang nangyari. Pitong oras lang tumakbo ang kuwento sa nobela.

Tinatalakay ng libro ang mga problema ng kabataan na nagmumula sa broken family. Inilarawan rin kung ano ang karanasan ng isang kabataan kapag nagkakaroon ng bagong kinakasama o asawa ang magulang. Ipinakita rin ang reaksyon ng pangunahing tauhan sa pagbabago sa buhay at sa pamilya niya. Dito ako nagkaroon ng interes dahil may yugto sa buhay ko na naranasan ko rin ang naranasan ng tauhan sa kuwento. Naka-relate ako sa buhay niya.

Akala ko, tungkol lang sa romance ang lahat pero dahil sa mahusay na pagsasalaysay ng manunulat, nabigyan niya ng linaw ang usapin ng isang watak-watak na pamilya. Isinalaysay rin nito ang pag-ibig na nagmumula sa magulang. Nang matapos ko itong basahin, mas kinahiligan ko na ang pagbabasa. Ito ang unang 'makapal' na aklat na natapos ko at binasa ko lang nang kalahating araw. Kalahati ng libro ay natapos ko sa biyahe. Tumatak sa akin ang aklat na ito, at ang pagbabasa ko ay nasundan pa ng iba't ibang akda.

Dahil sa nobelang ito, napagtanto ko na may dahilan kung bakit umaabot ng ilang daang pahina ang isang aklat. May dahilan din kung bakit may akdang napakakapal. May kapangyarihan ang nobela na pahintuin ang mundo ko upang pumasok sa isang mundong likha ng manunulat gamit lamang ang salita, lunan, at mahahalagang tauhan.

Binasa ko rin ang *Eleanor and Park* ni Rainbow Rowell (2012), *The Fault in our Stars* ni John Green (2012), *13 Reasons Why ni* Jay Asher (2007), *If I Stay* (2009) at *Where She Went* (2011) ni Gayle Forman. Lahat ng aklat na ito ay may isang parehong paksa: buhay ng mga kabataan.

Tinalakay rito ang karanasan ni Eleanor sa *Eleanor and Park* na biktima ng bullying. Si Eleanor ay labintatlong taong gulang at ang kaniyang kuwento ay umikot sa pagkilala sa sarili, pakikisama sa kaniyang stepfather, at mga bagong kaklase sa bagong paaralan. Labintatlong taon lang ang bida at naiiba siya sa bagong eskwelahan nila. Ngunit nagkaroon siya ng kaibigang lalaki. Dito rin uminog ang kuwento—kung paano nilang sabay na hinarap ang buhay bilang kabataan.

Sa *The Fault in Our Stars* naman ni John Green, nagkaroon ng pagsasalaysay tungkol sa kung paanong namuhay ang isang teenager na may malubhang sakit. Lahat ng oras ng pangunahing tauhan ay limitado dahil sa sakit niya. Nakatagpo naman siya ng isang kaibigang



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 9 11/20/2024 8:05:46 AM

magpapaalala sa kaniya na masarap mabuhay. Binigyan ng bagong lente ng manunulat ang danas ng mga kabataang nahaharap sa napakahirap na sitwasyon. Inspirasyon ito sa lahat na magsumikap sa kabila ng sakit at dusa na hinaharap.

Sa *13 Reasons Why* naman ni Jay Asher ay tinalakay ang mga tape recording ng isang suicide victim na si Hannah tungkol sa kung ano at sino ang naging dahilan ng pagpapakamatay niya. Naging series rin sa Netflix ang aklat na ito. Naging kontrobersiyal rin dahil tinalakay nito ang kalagayan ng mental health.

Sa *If I Stay* rin at *Where She Went*, ipinaliwanag kung ano ang karanasan ng isang teenager na naaksidente. Nagkuwento siya habang ang kaluluwa niya ay nakahiwalay sa kaniyang diwa dahil siya ay comatose.

Sa pagbabasa ng mga akdang ito, natutunan kong mas unawain kung ano ang nasa isipan ng kabataan. Iba ang pagkakapaliwanag ng buhay sa lente ng isang kabataang mula sa isang hiwalay na pamilya, mula sa isang kabataang may depression, at mula sa isang kabataang may malubhang karamdaman na nasa bingit ng kamatayan.

Sa pagbabasa ko ng mga nobelang ito, natutunan ko ang iba't ibang sitwasyon ng kabataan sa pamilya, sa komunidad, at sa lipunan. Sa loob ng pamilya, may natatanging danas ang bawat kabataan dahil sa istruktura na meron sila sa bahay. May mga kabataang may isang kompletong pamilya—nanay, at tatay o mga kapatid. May mga nabibilang naman sa ibang sitwasyon, gaya na lamang ng mga kabataan kasama ang single parent.

Isa ako sa mga kabataang lumaki sa kakaibang sitwasyon. Lola at tiyahin ko ang nagpalaki sa akin. Kaya naman, sa bawat nobelang nababasa ko, palagay ko ay kabilang ako sa mundong iyon. Natututunan ko kung paanong lumaban sa hamon ng buhay, gaya na lamang ng ginagawa ng bida.

Sa pagbabasa ko ng panitikang pangkabataan, natuto akong maging mas maunawain at maintindihin pa sa mga kabataan sa paligid ko. Bilang isang estudyante noon ng Education, nakatulong sa akin ang pagbabasa ng ganitong panitikan upang unawain ang mga kabataang magiging estudyante ko pagdating ng araw. Hindi lahat ay mayroong maayos na buhay sa loob ng bahay.

Nagkaroon ng malaking epekto sa buhay ko ang pagbabasa ng mga panitikang pangkabataan habang nangangarap maging guro. Una na rito ay ang pagkahilig sa pagbabasa. Nadadala ako ng pagbabasa sa iba't ibang



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 10 11/20/2024 8:05:46 AM

lugar. Naipakikilala ako ng mga aklat sa iba't ibang tauhan. Nagkakaroon ako ng bagong kaalaman hinggil sa isyu ng mental health, ng paghihiwalay ng pamilya, at ng iba't ibang klaseng sakit na nararanasan ng iba't ibang tao. Lumawak pa ang aking natutunan dahil sa pagbabasa.

Isa sa epekto sa akin ng pagbabasa ay ang mga kuwento na maaaring hugutan ng inspirasyon sa buhay. Ang mga tauhan na nabasa ko sa mga panitikang pangkabataan ay may natatanging karanasan na sa palagay ko ay mahalagang tandaan. May boses ang kabataan sa lipunan. May mahalaga silang gampanin sa kabila ng kanilang pagkabata. Ang boses na ito ay isang malaking puwersa kapag pinagsama-sama. Ito ang pinakanagustuhan ko sa mga panitikang pangkabataan na nabasa ko.

Pinakamahalagang epekto rin sa akin ng pagbabasa ng mga nobela ay ang paalala at babala tungkol sa buhay. Ang mga akda para sa kabataan ay maaaring maging gabay sa kanilang buhay. Maaari rin itong maging babala kung tungkol sa kapahamakan ang pinag-uusapan. Sa huli, ang mga akdang ito ay isang mabuting paalaala na kayang magkaroon ng sariling desisyon ang lahat sa kabila ng kanilang edad o antas sa lipunan.

Ang isang panitikang pangkabataan ay may kakayahang maglarawan ng buhay o karanasan gamit ang naratibo, kaisipan, at damdamin ng isang 13-18 na taong gulang.

Mahalaga ito dahil may tungkulin ang ganitong uri ng panitikan na imulat ang mga nakababata sa kanilang danas. May problema rin ang mga kabataan na kayang ipahayag ng panitikang pangkabataan, kung kaya naman mahalaga ang ganitong panitikan upang isiwalat ang mga problemang ito, at kalaunan ay bigyang-inspirasyon ang mga mambabasa na ang mga problema nila ay totoo at kayang bigyan ng solusyon.

Sa lahat ng mga nabasa ko, ang *Percy Jackson and the Olympians Series* (2006) ang inaraw-araw kong basahin. Mayroon itong limang aklat at sa bawat aklat, mababasa ang kuwento ni Percy, isang demigod. Ang unang aklat ay tungkol sa kung paanong nakilala ni Percy ang kaniyang tunay na pagkatao—na siya ay anak ni Poseidon. Matagal itong itinago ng kaniyang ina upang protektahan siya. Habang umuusad ang kuwento, makikilala ni Percy ang iba pang demigod na gaya niya. Mga teenager na anak rin ng iba't ibang diyos mula sa mitolohiyang Griyego. Masasabi kong dito ako pinakanahumaling dahil sa kung paanong pinagsama ang dalawang magkaibang panitikan—klasikal at kontemporaryo.

Nakilala ko ang mga kabataang tauhan sa nobela kasabay ng pagsasalaysay muli ng mga tauhan mula sa Greek mythology. Naging



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 11 11/20/2024 8:05:46 AM

matagumpay ang manunulat upang talakayin ang sitwasyon ni Percy, sa ilalim ng isang single parent, at ang sitwasyon niya bilang anak ng isang diyos ng tubig na si Poseidon. Pinagdaanan ni Percy ang lahat ng maaaring pagdaanan para patunayan ang sarili.

Ang mga nabasa kong aklat ay may pare-parehong tema: young adult, contemporary, at adventure. Sa tatlong ito umiikot ang mga hilig ko sa panitikan. Bagamat pulos hango sa ibang bansa ang binabasa ko noon, sinubukan kong magbasa ng ilang aklat na nasusulat sa Filipino.

Lumipas na ang panahong nakikinig lamang ako ng kuwento. Dumating na ako sa punto na mag-isa na lang akong kumokonsumo ng kaalaman. Wala nang nagkukuwento sa akin. Wala na rin akong kasamang manuod at maaliw. Lumipas na ang panahon na kailangan pa akong pilitin na magbasa ng kuwento sa paaralan. Hindi na ako nagbabasa dahil kailangan sa kolehiyo. Nasa panahon na ako ng pagkilala sa sariling interes sa panitikan at pagtanggap pa ng bagong kaalaman.

Nagbabasa ako dahil may bago akong natutunan. Isang malaking hamon sa akin na ibahagi ang natutunang ito sa ibang tao sa pamamagitan ng pagsusulat. Dahil sa mga nabasa kong akda, mas nagpursigi akong magsikap bilang tao sa isang totoong mundo. Gaya ng mga tauhan sa mga nobelang nabasa ko, natutunan kong magsikap. Bilang mambabasa, natutunan kong bawat kuwento, may katapusan. Bawat paghihirap ng tauhan, may kaukulang ginhawa sa hinaharap.

**Wattpad Era**

Nakaluwag-luwag na kami noong 2010. May access na kami sa internet. Kaya noong niyaya ako ng kaibigan kong magbasa sa Wattpad, pumayag naman agad ako. Mahal na ang YA books noon. Libre lang magbasa sa Wattpad. Si Alesana Marie ang nagpakilala sa akin ng *website* na ito. Ang isinulat niya ay *Talk Back and You're Dead* (2012) na isa ring young adult na nobela na araw-araw niyang isinusulat at ina-upload sa website. Nailathala ng PSICOM Publishing ang aklat na ito. Naging pelikula na nga rin at naging patok sa takilya.

Ang Wattpad ay isang website kung saan maaaring magsulat at magbasa ng iba't ibang kuwento ang isang miyembro nito. Niyakap na ito ng mga kabataang Pilipino noong 2010. Sa website na ito ako unang nakapagbasa ng kuwento. Batay sa 2021 demographics ng Wattpad[5], may 90 milyon na mambabasa na ang *website* sa buong mundo. Mas marami



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 12 11/20/2024 8:05:46 AM

ang gumagamit ng kanilang smartphones sa pagbabasa. Ninety percent (90%) ng users sa Wattpad ay gumagamit ng mobile devices. Tunay ngang naging madali ang paggamit ng application na ito sapagkat sa ilang click at swipe ay maaari nang makapunta sa ibang mundo ang mambabasa. May ilang wika pang maaaring pagpilian.

Sa kabila ng maraming nagbabasa sa platform, may ilan pa ring tumuligsa sa website na ito. Naging trend ang #SaveLiterature campaign sa kasagsagan ng paghahango ng mga kuwento mula sa Wattpad patungo sa isang libro (Angeles, 2014). Sa trend na ito, mariing tinuligsa ang mga kuwentong galing Wattpad dahil sa mga tema, nilalaman, diyalogo, at ang banghay nito. May screenshots pa mula sa Wattpad app na pinagkakatuwaan ang mga linya ng tauhan na pawang bastos at kulang sa pagrerebisa.

Sa Wattpad, may kalayaan ang mga manunulat na mabilisang ilagay ang kanilang kuwento roon. Kaya naman, hindi maiiwasan na may pagkakamali sa ispeling, at iba pang teknikal na bagay. May tema rin ng isang sensuwal na pagsasama sa pagitan ng mga kabataang tauhan. Kaya naman, sa palagay ko, umusbong ang ganitong *trend*.

Para sa akin, bilang manunulat na nagsimula sa platform na ito, mahalaga ang editing at pagrerebisa ng mga akda bago ilabas sa madla. Subalit, hindi lahat ng mga kabataang manunulat ay may ideya tungkol dito. Mas marami sa mga kakilala ko ang nagsusulat noon dahil masaya lang talaga sila.

Kaya naman, mahalaga ring bigyang gabay ang mga kabataang gustong sumubok pumasok sa mundo ng panitikan. Hindi basura o basta-basta ang gawa nila sapagkat ito ay ang nilalaman ng kanilang malikhaing ideya. Tunay na mahalaga ang #SaveLiterature campaign pero mahalaga ring isaalang-alang na ang mga manunulat na pausbong pa lamang ay mahalagang mabigyan pa lalo ng edukasyon tungkol sa wastong pagsusulat (tamang baybay, banghay, naratibo, buong paglikha ng tauhan, atbp.).

Batay sa personal kong danas sa paggamit ng website, may kalayaan ang mga manunulat na magsulat lang nang magsulat dito, nang walang nag-eedit ng kanilang sinusulat. Maraming iba't ibang tema ang naisulat sa Wattpad. Ilan lang rito ay ang fixed marriages, gangsters, away ng mga barkadahan, at pagpapanggap na magkasintahan. Palaging may room for improvement sa mundo ng pagsusulat. Lahat naman ay puwedeng matutunan.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 13 11/20/2024 8:05:46 AM

Kung may mga akda man sa Wattpad ang hindi kaaya-aya sa iba, masasabi kong palaging may espasyo pa rin para sa pagkatuto para sa mga manunulat dito. Kasama rin ako sa mga manunulat na kailangan din ng iba pang kaalaman sa pagsusulat. Laging may bago sa larangan ng malikhaing pagsulat at marahil, miski batikan na manunulat ay may kailangan pa ring matutunan.

Para sa akin, ang manunulat ay ang tumanggap ng tulong upang mapabuti pa ang pagsusulat. Mahalaga sa pagbabago sa pagkatuto. Kailangang tanggapin na ang pagiging malikhain ay hindi nagtatapos sa isang nailathalang akda. Ang pagiging manunulat ay isang paraan ng pamumuhay. Lagi't laging may ibang pagtingin.

Sa kabila ng dami ng kritiko ng Wattpad, hindi maitatangging nakatulong ang Wattpad upang maabot ng manunulat ang kanilang target na mambabasa. Hindi naging solitary experience[6] ang pagsusulat at pagbabasa dahil sa ilang piling features ng Wattpad na kung saan maaaring magbigay agad ng comment ang mambabasa sa kaniyang nabasa.

Sa karanasan ko, nagkaroon ako ng mga mambabasa dahil sa simpleng paglalagay lamang ng isang kabanata. Nagsusulat ako noon sa Wattpad nang walang malalim na pag-aaral tungkol sa malikhaing pagsulat. Bitbit ko lang noon ang lakas ng loob, inspirasyon sa buhay, at *basic* na kaalaman sa pagsusulat. Noon, naaaliw lang akong magsulat araw-araw. Kahit wala akong banghay, sulat lang ako nang sulat. Kaya naman noon, naglalagay lang ako ng kuwento roon nang walang layuning makabuo ng aklat.

Sa isang panayam kay Jun Cruz Reyes (2014), sinabi niyang, "Lahat ng panahon may juvenile generation. Ang Wattpad ay bersiyon ng panitikan ng mga adolescent na may pambili ng load, may access sa net, may laptop at ang gustong kausap ay screen. Dahil sila ang nakararami sa populasyon, kaya napapansin sila." Sa pahayag na ito, masasabing kaakibat ng paglago ng teknolohiya ang panitikan. Ang dalawang bagay na ito ay nagkaroon ng ugnayan. Dahil sa teknolohiya, mas nagkaroon ng access ang mga nais magsulat sa mga materyal na maaaring makatulong sa kanila. Dahil sa exposure na ito, nagkaroon ng iba pang *genre* sa panitikan. Umusbong na rin ang "One Shots" sa Wattpad noon. Ito ay Flash Fiction. Nagkaroon rin ng mga epistolary na paraan ng pagkukuwento gamit ang mga e-mails, text messages, at pati ang chat format. Nagkaroon pa nga ng mga aklat na may ganitong format. Walang talata o taludtod kundi mga maiikling mensahe lamang na may iba pang istilo sa pagsulat.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 14 11/20/2024 8:05:46 AM

Pinagsabay ko ang pagbabasa ng printed na aklat at mga nobela sa Wattpad. Sa mga kuwentong nababasa ko, ilan dito ang sinusulatan ko ng book review. Inilalagay ko naman ito sa aking website sa Wordpress, isang blogging website.

Sa karanasang ito, nagkaroon ako ng ilang kaibigan dahil sa pagsusulat ng book reviews. Sa Instagram din ay may komunidad ng mga mahilig magbasa. Mahahanap ito dahil sa mga hashtag mula sa mga kapwa mambabasa rin. Dito ako madalas nakakakuha ng mga book recommendation. Sa Goodreads din ako humahanap ng mga susunod na babasahin. Mas kompleto ang reviews dito. Maaaring mabasa rin agad ng sumulat ng libro kung papalarin.

Nagbabasa ako noon dahil nakakaaliw. Kinalaunan, naaliw rin ako sa paglikha ng rebyu. Nakakaaliw lang gawin ang mga bagay na ito dahil may sapat akong oras at access sa internet.

Ang karanasan ko sa pagsusulat ko ay nasa pagitan ng tradisyonal at sa modernong paraan ng pagkukuwento. Noon, nakikinig lang ako ng mga kuwento mula sa bayan ni Lola Zenaida, pero kinalaunan, marami na rin akong nabasang akda dahil na rin sa tulong ng teknolohiya. Kung noon ay nasanay akong magbasa ng pisikal na kopya ng libro, kinalaunan ay nagbasa na rin ako na magbasa ng digital na kopya nito. Kaya naman, masasabi kong may magandang naidulot din ang teknolohiya sa pagsusulat. Naging mas madali at mura sa lahat ang pagbabasa at pag-aaral. Kaya naman, nagkaroon ako ng pagkakataong matuto, at mamulat sa mundo ng malikhaing pagsusulat.

**Ang Unang Nobela, Kuwento, at Libro**

Mula sa pagbabasa, nagkaroon ako ng interes na, sa wakas, sumulat ng isang kuwento. Noong una, wala naman akong balak na seryosohin ang pagsusulat. Nagkaroon ako ng pahinga sa pagsusulat. Sa dami ng ginagawa sa kolehiyo at sa dami ng iniisip sa bahay, naging pahinga ko ang pagsusulat. Dito ko natagpuan ang pahinga mula sa tunay na mundo. Subalit habang tumatagal, hindi ko napapansin, na lalo kong nakikilala kung sino ako dahil sa pagsulat.

Paano ako nagsimulang magsulat? Sa dami ng binasa ko noon, dumating ako sa punto na naghahanap ako ng mga kuwentong hindi ko pa nababasa. Habang naglalakad palabas ng bahay, may iniisip akong kuwento na gustong basahin. Habang nakasakay sa tricycle papuntang Pasig palengke, may hinahanap akong libro na ayon sa panlasa ko



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 15 11/20/2024 8:05:46 AM

bilang mambabasa. Habang nakikinig sa sinasabi ng guro sa kolehiyo, nag-iisip ako ng kuwentong gustong basahin. Isang umaga sa klase sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (PUP), habang nakikinig sa guro kong pinagsasabihan ang kaklase ko, parang may mahika na naganap. Bigla ko na ring naisip sumulat ng sarili kong kuwento. Nagsimula ito sa tanong na "What if?"

Gusto ko lang isulat ang mga naiisip kong sagot sa 'what ifs' ko habang bumibiyahe. Paano kung magsulat ako tungkol sa isang kabataang introvert pagkatapos tapos makakakilala ng isang lalaking kaibigan na extrovert. Ano kayang gagawin niya? What if magsulat ako ng nobela tungkol sa isang babaeng brokenhearted kaya napagdesisyonang magpunta sa iba't ibang lugar?

Pinili kong magsulat ng mga karanasan ko bilang kabataan. Karamihan ng lunan ng aking kuwento ay may simbahan. Laking-simbahan ako kaya hindi ko ito maialis sa mga akda ko. Ang maiikling kuwento ko ay nangyari sa loob ng parokya. Ang mga tauhan sa *I Love You But You Love Him* na nobela ko ay isang youth leader at isang seminarista. May ilan rin akong mambabasa rito kahit walang malinaw na patutunguhan ang kuwento. Isinulat ko lang ito batay sa kung ano ang maisip ko sa araw na iyon.

Nakapagsulat na rin ako ng mga kuwento tungkol sa isang college student na muntik nang magpakamatay. *When Heart Skips a Beat* naman ang pamagat nito. Natuwa kasi ako sa nabasa kong nobela na may ganito ring tema. Pero siyempre, mas kailangan pa ng tamang pananaliksik ang pagsusulat ng ganitong akda. Hindi dapat ito isulat nang walang basehan sa siyensya.

Sa *Thanks for the Last Night*, dumami ang mambabasa ko sa Wattpad dahil sa pagkakaroon ng erotikang nilalaman nito. Tungkol naman ito sa isang dalagang binabayaran upang paghiwalayin ang magkasintahan. Kinalaunan, nailimbag din ito.

Bukod pa sa mga akdang ito, nagsulat din ako ng mga maiikling kuwento na naiisip ko tuwing naiinip ako sa biyahe papasok ng PUP. Isa-isa kong pinabasa ang mga kuwentong ito sa mga kaibigan ko sa simbahan na siya namang ikinatuwa nila. May isang nobela akong printed sa bond paper para ipabasa sa crush ko. Iba talaga ang nagagawa ng lakas ng loob.

Minsan na rin akong sumulat ng maikling kuwento dahil na rin sa naging crush ko sa simbahan. Sa crush ko na iyon kinuha ang inspirasyon ng pangunahing tauhan. Para mailayo ang sarili sa tauhang



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 16 11/20/2024 8:05:46 AM

babae, kumuha ako ng inspirasyon mula sa personalidad ng kaibigan ko. Contrasting ang personalidad nila at naaliw ako nang isulat ko iyon.

Naging inspirasyon ko rin sa pagsusulat ang mga kuwento sa akin ng mga kaibigan ko. Madalas akong nilalapitan tuwing may brokenhearted sa barkada. Isa ako sa pinupuntahan kapag kailangan nila ng makakausap. Pagkatapos ng kuwentuhan, ipinapaalam ko kung puwede ko bang isulat ang kuwento niya. Pumapayag naman ang kaibigan ko, basta gawin ko raw happy ending ang kuwento.

Nakapagsulat ako ng nobela na tungkol sa isang babae na nag-travel nang takbuhan siya ng pakakasalan niya. Ang unang pamagat nito ay *Ang Ika-13 Lugar*. Nakakaantok pakinggan ang pamagat pero naaaliw kasi ako kapag may numero sa pamagat. Pakiramdam ko nagiging listahan ang bawat kabanata at mas naoobliga akong tapusin ang kuwento. Tungkol naman ito sa babaeng nagpunta sa iba't ibang probinsiya sa Pilipinas nang iwan siya ng kasintahan na dapat ay pakakasalan na siya. Ipinakilala ko sa akdang ito ang mga napuntahan kong magagandang tanawin sa Pilipinas. Pakiramdam ko, habang isinusulat ito, naglalakbay muli ako.

Sa lahat ng isinulat ko, hindi ko malilimutan ang unang komento sa akin sa Wattpad na mula sa isang mambabasa na nakatira sa Pampanga. Binabati lang ako sa comment na iyon. Sabi ng isa sa mambabasa ko, nagandahan raw siya sa kuwento pero kailangan pa raw linisin ang katapusan ng kuwento dahil parang minadali o abrupt. Marami akong natutunan sa ganitong komento. Mas pinaunlad ko pa ang mga sumunod na kabanata. Mas inayos ko pa ang paglalarawan. Ipina-print ko pa ang comment na iyon at inilagay sa wallet ko. Daig ko pa ang nanalo sa Lotto noong una akong makatanggap ng comment sa isang mambabasa na hindi ko naman kilala. Pakiramdam ko, tunay na manunulat na ako dahil sa karanasang iyon. Ipinasa ko rin sa mga kaibigan ko ang unang napakamakahulugang komento sa buhay ko bilang manunulat.

Simula nang makapagsulat ako sa Wattpad, nagkaroon na rin ako ng iba pang kaibigan. Nagkaroon ako ng maliit na 'fans club' at muntikan pa nga kaming magpagawa ng T-shirt para sa aming munting grupo. Dalawang beses din kaming nagkaroon ng meet and greet. Sampu lang naman kami pero pakiramdam namin, napakarami namin dahil masaya kaming nag-uusap noon.

Hindi lang mambabasa ang nakilala ko sa Wattpad, nagkaroon din ako ng mga kaibigan na siyang naging support system ko sa mundo ng



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 17 11/20/2024 8:05:46 AM

pagsusulat. Sa kanila ko nakuha ang lakas upang magpatuloy. Nagawa kong pagsabayin ang 'happy writing' na tinatawag ko, at ang pag-aaral.

Isa-isa nang naglimbag ang mga publisher ng mga kuwento mula sa Wattpad nang sumikat ito. Kilalang-kilala ang *She's Dating the Gangster, Diary ng Panget, at Talk Back and You're Dead*. Masasabing lumang tao ka sa Wattpad kapag ito ang nauna mong basahin. Lahat ng akdang ito ay naisapelikula rin. Milyon rin ang mga reads ng mga pamagat na ito. Hindi nakapagtataka na may publisher at producer na kukuha sa kanila.

Dahil nauso na rin ang paglilimbag ng kuwento mula sa Wattpad, sinubukan ko ring ipasa sa mga publishers ang nobela ko. Sa isip ko noon, baka naman matanggap din ang kuwento ko. Kabataan din naman ang target na mambabasa. Sa palagay ko, nakakaaliw naman itong basahin. Kaya lang, hindi laging masaya sa mundo ng pagsusulat. Mas marami akong rejections na natanggap kaysa approval.

Napakahirap makapagpalimbag ng aklat noon. Kapag galing ang manunulat sa Wattpad, kailangang sikat na ang manunulat at marami ng reads ang gawa niya. May isa akong publisher na pinagpasahan ng manuskrito ko. Noong una, binigyan ako nito ng pag-asa na maaaring malimbag ang kuwento ko. Kaya lang, ang sumunod na nitong e-mail ay nagtatanong kung umabot ba ng apat na milyong reads ang kuwento ko. Siyempre, hindi. Wala pa ngang isang milyong reads ang *Sir, You're Hot* noon sa Wattpad. Nagsisimula pa lang kasi akong makilala noon.

Nalungkot ako. Sabi ko sa sarili ko noon, "Bakit 'yong iba kong kasamahan, nakapag-publish na. Ako hindi pa?" Marami na sa mga kasabayan kong manunulat ang nagkaroon ng sariling libro. Bakit ako wala pa rin? Ito ang pinakamahirap na parte ng pagsusulat lalo pa't galing sa Wattpad.

Pero hindi ako sumuko. Patuloy pa rin akong naghanap ng publisher na tatanggap ng kuwento ko. Sa loob-loob ko, alam kong may tatanggap ng kuwento ko. Nagpadala ako ng e-mail at nag-follow up pa nga ako sa mga publishers. Napakalakas ng loob, hindi ba? Ang kapal ng mukha ko noon. Sariling sikap ko lang talaga ang paghahanap ng mabait na publisher na tatanggap sa kuwento ko. Hanggang sa isang araw, natanggap ang akda ko ng Lifebooks. Ito rin ang naglimbag ng akda ni Marcelo Santos III, isang sikat na Youtube creator noong panahong iyon.

Nagtatatalon ako sa tuwa nang mabasa ko ang acceptance letter noon. Hanggang sa sinusulat ko ito, naaalala ko kung paano ko unang kinasabikang makita ang una kong aklat.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 18 11/20/2024 8:05:46 AM

Ang una kong nailimbag na aklat sa Lifebooks ay isang Young Adult na nobeleta. Ang pamagat nito ay *Sir, You're Hot*. Ganito ang napili kong pamagat dahil noong 2012, kasagsagan ng mga ganitong kuwento at pamagat sa website. Tungkol ito sa kaklase ko noong college na nakipag-away sa propesor ko. Isa ito sa naging sikat kong akda. Nagkaroon din ng lagpas isang milyong reads ito sa Wattpad at nailathala ng Lifebooks. Nasundan pa nga ito ng ikalawang aklat na may pamagat na *Sir, You're Mine*. Parehong may 40,000 words ang nobeletang iyon.

Matapos ang higit sampung taon ng pagkakalimbag nito, hindi ko ikinahihiya na ito ang pagsisimula ko sa Malikhaing Pagsulat. Nagsulat lang ako noon sapagkat gusto ko lang magpalipas-oras, at magkaroon ng gagawin bukod sa pag-aaral. Sa parehong publisher, nailimbag din ang iba ko pang mga akda gaya ng *Mahal Kita Pero,* at *Nag-assume, Nagmahal, Naiwan, Nasaktan.*

Nagsusulat ako dahil may nais akong ibahagi. Nais kong ibahagi ang karanasan na mayroon ako. Nais kong ibahagi ang saya sa iba. Nais kong ibahagi ang natutunan ko sa mga kabataang makababasa ng kuwento ko. Pero siyempre, alam kong hindi dapat laging saya ang pagsusulat. Kailangan ko ring matuto pa lalo upang mahasa pa ang kakayahan ko.

## C. Ang Iba't Ibang Tinig sa Pagkatha

Maraming nangyari sa buhay ko nang matapos ang 2014. Nahirapan na akong magsulat nang madalas dahil kailangan kong maghanap ng trabaho at kailangan kong mag-adjust sa buhay bilang bahagi ng mga manggagawa. Bukod pa rito, kailangan ko ring maghanda para sa aking licensure exam.

Mahirap pagsabay-sabayin ang lahat ng responsibilidad bilang isang anak, empleyado, at manunulat. Bagaman nahihirapan, hindi pa rin naman ako tumigil. Paunti-unti akong nagsusulat sa libreng oras. Isinusulat at inilalagay ko pa rin sa Wattpad. Hindi na nga lang madalas gaya ng dati. Noon, araw-araw akong nagsusulat. Nang magsimula na akong magtrabaho, halos isang beses na lang sa isang linggo.

Sa awa ng Diyos, naging lisensyadong guro ako at nagkaroon pa ng ilang libro mula sa Lifebooks at St. Paul's. Sa kadahilang nais kong mapabuti at mapaghusayan pa ang pagsusulat, napagdesisyunan kong kumuha ng master's degree sa Malikhaing Pagsulat. Kumuha ako ng kursong ito bagaman malayo sa undergraduate kong Bachelor in Secondary Education major in English. Bihira ang lumalayo sa major na



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 19 11/20/2024 8:05:46 AM